## ABSTRAK

Siniyasat ng pag-aaral na ito ang konsepto ng katarungan ng mga kabataang Pilipino sa dalawang mataas na paaralan ng Camiling sa lalawigan ng Tarlac. Sinuri rin ang pagkakaiba ng pananaw ng konsepto ng katarungan batay sa kasarian, at ang pananaw ng mga kalahok ukol sa katayuan ng katarungan sa Pilipinas. Ang mga naging kalahok ay mga mag-aaral sa mataas na paaralan at ang naging kabuuang bilang ng mga kalahok ay umabot ng 379. Ginamit ang Focus Group Discussion (FGD) at surbey bilang metodo sa pagkuha ng mga datos. Ang mga datos ay sinuri sa pamamagitan ng pagkuha ng mga kadalasan ng mga katugunan. Lumabas sa mga resulta na ang konsepto ng mga kalahok ay umiikot sa pananaw ng pagkapantay-pantay ng mga tao sa ilalim ng iisang batas. Nalaman din na walang pagkakaiba ang pananaw sa konsepto ng katarungan ng mga lalaki at babae. Tungkol naman sa pananaw ng mga kalahok ukol sa katayuan ng katarungan sa Pilipinas, nabanggit na ito ay hindi laganap at hindi gaanong umiiral sa bansa. Ang unang tinalakay sa mga resulta ay ang konsepto ng katarungan at tinalakay sa mga resulta ay ang konsepto ng katarungan at tinalakay na sunod ang mga partikular na aspekto ng katarungan at ang mga baryabol. (Tesis na isinamite nina Morella, G., See, C., at Yupangco, A. Para sa Digri ng Batsilyer ng Sining sa Sikolohiya, Disyembre, 1989. KATARUNGAN, KABATAANG PILIPINO, PANLALAWIGANG KINALAKIHAN).